

Kalusugan ng Kabataan: Pag-abuso ng Niresetang Gamot



Magandang ideya para sa mga magulang na kausapin ang kanilang mga anak tungkol sa mga panganib ng pag-abuso ng mga niresetang gamot. Ang mga niresetang gamot ay medisinas binigay ng isang doktor. Higit na inaabuso ng mga kabataan ang mga niresetang gamot kaysa sa karamihan ng mga ilegal na droga. Kadalasang nakukuha ng mga kabataan ang mga niresetang gamot mula sa pamilya o sa mga kaibigan, alam man nila o hindi. Akala nila ligtas ang mga gamot na ito, dahil sa mga gamit nitong pangmedikal. Maaaring isipin ng mga kabataan na nakakatulong sa kanila ang mga gamot na ito para uminam ang kanilang pakiramdam, makibagay, magpapayat, o mapagbuti ang pag-aaral sa iskuwela.

Kabilang sa mga gamot na pinakamadalas gamitin nang hindi wasto ng mga kabataan ay ang mga pampaghinga ng pananakit (Vicodin, OxyContin, Percocet, Codeine), mga pampakalma (Valium, Xanax, Ambien, Mebaral, Nembutal), at mga pampasigla (Ritalin, Adderall). Maaari ding gumamit ang mga kabataan ng mga gamot na hindi nangangailangan ng reseta katulad ng sirup na pang-ubo at mga gamot laban sa sipon para makaramdam ng pagkabangag.

Mga Panganib

Ang mga gamot na nireseta ay maaaring maging kasing nakaka-adik at kapinsa-pinsala tulad ng mga ilegal na droga. Ang malalaking kantidad ay maaaring magpabagal ng paghinga at makaapekto sa pagtibok ng inyong puso. Maaaring makamatay ang mga ito kung labis ang paggamit o kung inihahalo sa ibang mga gamot o droga.

Pag-iwas: Manatiling Kabahagi sa Buhay ng Inyong Anak

- Kausapin ang inyong kabataan tungkol sa mga panganib ng mga gamot.
- Tulungan ang inyong anak na makahanap ng mga malulusog na paraan ng pamamahala ng istres.
- Alamin ang mga palatandaan na maaaring gumagamit ng mga gamot ang inyong kabataan. Halimbawa, nawalan na ng interes ang inyong anak sa mga kaibigan at mga normal na gawain. Maaari din kayong makapansin ng mga pagkakaiba sa kanyang itsura, pagtatrabaho sa iskuwela, o mga gawi kaugnay sa pagkain o pagtulog.

Iwasan ang Madaling Pagkuha ng Pildoras

- Itago lahat ng mga gamot sa isang malamig-lamig at tuyong lugar na hindi maaabot ng inyong anak.
- Subaybayan ang bilang ng mga pildoras na nasa inyo. Itapon ang mga pildoras na luma at hindi nagamit.
- Kausapin ang pamilya, mga kaibigan, at ibang mga magulang tungkol sa paghadlang sa madaling pagkuha ng gamot.

Ano ang Maaari Niyong Gawin Kung sa Akala Niyo ay Nag-aabuso ang Kabataan Niyo ng mga Nireresetang Gamot?

- Kausapin ang inyong anak kapag hindi siya bangag at kapag kalmado kayo.
- Kumuha ng tulong mula sa doktor o tagapayong pampaaralan ng inyong anak.
- Kumuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pag-abuso ng droga. Tumawag sa Substance Abuse & Mental Health Services Administration (Pangasiwaan ng mga Serbisyo Kaugnay sa Pag-abuso ng mga Pinagbabawal na Bagay at Kalusugang Pangkaisipan) sa 1-800-662-4357.

Kung mayroon kayong mga katanungan o ikinababahala tungkol sa kabayaran para sa inyong kabataan kaugnay sa paggamot ng pag-abuso ng mga pinagbabawal na bagay, mangyaring tumawag sa planong pangkalusugan ng inyong kabataan.